
6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pangngalan at Panghalip




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino– Ikaanim na Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 3: Pangngalan at Panghalip**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyulna ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Maribel M. Baltar
**Editor:** Francisca L. Pinos
Lawrence B. Aytona
**Tagasuri:** Marijo N. Panuncio
Ma. Gemma A. Bimbao
Celestino S. Dalumpines IV
**Tagaguhit:** Rolan B. Bulaclac
Swelyn E. Forro
**Tagalapat:** Esmeralda A. Dagmil/Glenn Dollete
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma
Salvador O. Ochavo, Jr.
Elena P. Gonzaga
Jerry A. Oquindo
Segundina F. Dollete
Shirley A. De Juan
Merlie J. Rubio

**Inilimbag sa Pilipinas ng ________________________**
**Department of Education – Region VI**
Office Address: Duran Street, Iloilo City
Telefax: (033) 336-2816 (033) 509-7653
E-mail Address: region6@deped.gov.ph

6

# Filipino

## Unang Markahan – Modyul 3: Pangngalan at Panghalip

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pangngalan at Panghalip!

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pampubliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng Kto12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayangpan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang karagdagan sa materyal ng pangunahing teksto, makikita ninyo ang kahong ito sa pinakakatawan ng modyul:

***Mga Tala para sa Guro***

Ito'y naglalaman ng mga paalala, panulong o estratehiyang magagamit sa paggabay sa mag-aaral.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang Filipino 6 ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling Pangngalan at Panghalip!

Ang modyul na ito ay ginawabilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman |

| | |
|---|---|
| | o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |
| ***Tayahin*** | Ito ay gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## *Alamin*



Pagbati sa iyo, mahal kong kaibigan! Ngayon ay may panibagong hamon para sa iyong malikhaing kaisipan na iyong kahaharapin sa modyul na ito.

Ako nga pala si Kokoy, ang muli mong makakasama sa paglalakbay na ito.

Sa ating pag-aaral, ang kaalaman at pag-unawa sa paggamit ng wastong pangngalan at panghalip ang iyong matutuhan. Siguradong mawiwili ka sa ating paglalakbay kaya tutukan mo itong lahat.

Pagkatapos naman ng ating pag-aaral, ikaw ay inaasahang:


- nakakikilala ng pangngalan at panghalip; at
- nakagagamit nang wasto ng mga pangangalan at panghalip sa pakikipag-usap sa iba't ibang sitwasyon. **(F6WG-Ia-d-2)**

Nananabik ka na bang simulan ang paglalakbay na ito? Subukin muna natin ang iyong kakayahan. Madali lang ito kaya huwag kang mag-alala.


## *Subukin*

Tukuyin ang mga salitang may salungguhit kung ito ay *pangngalan* o *panghalip*. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Matibay ang binili kong lapis.
2. Malusog ang alaga kong si Kuting.
3. Siya ang nakahuli ng malaking ibon.
4. Magaling umawit si Sarah Geronimo.
5. Masaya kaming namasyal sa Boracay.
6. Winawalis niya palagi ang mga naglalaglagang dahon.
7. Taon-taon ay masayang ipinagdiriwang ang Pasko.
8. Masayang idinaos ang ika-60 na kaarawan ng kanilang nanay.
9. Naaakit na nakikinig ang mga bata sa kuwento ng kanilang lolo.
10. Matapang na hinaharap ng mga Pilipino ang pandemyang *COVID-19*.



# Aralin 1 Gamit ng Pangngalan at Panghalip






## *Balikan*

Tukuyin at isulat ang mga salitang nasa kahon sa pangngalan o panghalip. Gawin ito sa sagutang papel.

| Pangngalan | Panghalip |
|---|---|
| | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| anak | kanila | gatas | ako | bayan |
| dito | ganito | ate | pinsan | katulong |

Madali mo bang natukoy kung ang salita ay pangngalan o panghalip? Ano ba ang pangngalan? Ano naman ang panghalip? Tama!
Handa ka na talaga sa sunod nating gawain. Simulan mo na!



## *Tuklasin*

Sa susunod na gawain, makikilala mo si Jun. Alamin mo kung bakit malungkot si Jun at kung paano siya napasaya ng kaniyang ama.

Basahin ang usapan. Sagutin ang mga tanong. Letra lamang ang isulat sa sagutang papel.

**Pasalubong**

Isang araw habang naglalakad ang mag-ama kasama ang aso nilang si Bomer, napag-usapan nila ang kaniyang Nanay Beng na nagbakasyon sa Maynila.

**Jun:** Tatay, totoo po bang hindi pa uuwi ang Nanay Beng?
**Tatay:** Oo anak, sa pag-uwi niya may dala siyang mga pasalubong sa iyo.
**Jun:** Yeheey! May mga pasalubong pala ako.
**Tatay:** Jun, ang ingay mo.
**Jun:** Masaya lang ako tatay dahil may pasalubong ang nanay sa akin. Bomer, narinig mo ba iyon?
**Tatay:** Halika, dalhin natin si Bomer sa plasa para manood ng programa para sa Araw ng Kalayaan. Hindi pa naman uuwi ang nanay mo.
**Jun:** Opo, tatay.



Sagutin ang mga tanong;


1. Sino ang nag-uusap sa binasa?
   A. Jun at Bomer
   B. Jun at Nanay Beng
   C. Tatay at Nanay Beng
   D. Tatay at Jun

2. Sino ang kanilang pinag-uusapan?
   A. Bomer
   B. Jun
   C. Nanay Beng
   D. Tatay


3. Saan nagbakasyon ang nanay ni Jun?
   A. sa Cavite
   B. sa Maynila
   C. sa Quezon
   D. sa Pasig

*4.* Bakit nalulungkot si Jun?
   A. Nagkasakit si Bomer.
   B. Hindi pa makauwi ang kaniyang nanay.
   C. Walang pasalubong ang kaniyang nanay.
   D. Mamasyal sila sa plasa ng kaniyang ama.

*5.* Paano napasaya ni tatay ang kaniyang anak na si Jun?
   A. Mamasyal sila sa plasa kasama si Bomer.
   B. Mamasyal sila sa palaruan kasama si Bomer.
   C. Pupunta sila sa palengke para bumili ng kaniyang laruan.
   D. Pupunta sila sa plasa upang makipagkita sa kaniyang kaibigan.



# *Suriin*




Ang mga salitang nabanggit sa usapan, gaya ng Nanay Beng, Jun, tatay, anak, pasalubong, Bomer, plasa, programa at Araw ng Kalayaan ay tinatawag na **pangngalan**.


Ang **pangngalan** ay mga salitang tumutukoy sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari. Ito ay maaaring tunay na ngalan at di-tunay na ngalan. Ang tunay na ngalan ng tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari ay nagsisimula sa malalaking titik. Nagsisimula naman sa maliit na titik ang di-tunay o karaniwang ngalan ng tao, bagay, hayop, pook o pangyayari. Ang pangngalan ay maaaring simuno o panaguri. Ginagamit na simuno ang pangngalan kapag ito ay may panandang *ang* at *si.*

Samantala ang mga salitang siyang, niya, ako, mo, niya, iyo, akin, iyon, at natin ay tinatawag naman na **panghalip**. Ang **panghalip** ay mga salitang pamalit o panghalili sa ngalan ng tao, bagay, hayop, at pook.

Ang mga salitang nabanggit sa usapan ay madalas ginagamit sa pakikipag-usap sa iba’t ibang sitwasyon gaya ng pag-uulat, paglalahad, pagpapaliwanag, paghahatid ng mensahe, pagpapahayag at pagbibigay ng tama/maling impormasyon.

Malinaw na ba sa iyo ang paksa ng ating aralin? Kung hindi, muli mong basahin ito bago ka magpatuloy sa ating paglalakbay.

## *Pagyamanin*




**Gawain 1**

Basahin at unawain nang mabuti ang usapan. Hanapin ang salitang panghalip at pangngalan na ginamit. Isulat ang sagot sa sagutang papel

Magkaibigang matalik sina Arbin at Rejie. Nag-uusap sila nang biglang sumigaw nang malakas si Arbin.

**Arbin:** Naku! Nawawala ang pitaka ko. Diyan ko lang ipinatong ang bag ko.

**Rejie:** Tingnan mo sila. Ang bawat isa ay nakatingin sa atin.
Paano iyan? Nakakahiya.

**Arbin:** Tulungan mo munang hanapin ko dito sa upuan natin.

**Rejie:** Pawang mga papellamang itong laman ng bag mo.

**Maribel:** Ano bang hinahanap ninyong dalawa?

**Rejie:** Ang pitaka ni Arbin. May malaking halaga daw iyon dahil padala iyon ng tatay niya, panggastos sa buong buwan.

**Maribel:** Ganito ba ang hitsura ng pitaka mo?

**Arbin:** Hayan, akin nga iyan. Salamat sa iyo, Maribel.

**Maribel:** Walang anuman, sa susunod itago mo nang mabuti ang iyong pitaka.

## Gawain 2

Bumuo ng diyalogo batay sa sitwasyong nasa larawan. Gumamit ng iba't ibang pangngalan at panghalip. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

Maagang gumising si Aling Marita para ihanda ang mga sangkap sa lulutuin niya sa kaarawan ni Lisa. Sumunod na nagising si Lisa at agad na pumunta sa kaniyang ina na nasa kusina. Ano ang kanilang pag-uusapan?



## Gawain 3


Basahin ang **ulat** tungkol sa *Coronavirus*. Punan ang puwang ng angkop na pangangalan o panghalip. Piliin ang tamang sagot na nasa loob ng kahon. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

Ang ___1___ o *CORONA VIRUS Disease* 2019 ay malaking grupo ng mga virus na nagdudulot ng *respiratory disease*. Tulad ng *SARS Cov* na nadiskubre noong 2003, at *MERS Cov* noong 2012. Pinaniniwalaan, na ang mga sakit na ito ay galing sa ___2___ Ngunit ang *Covid 19* ay hindi pa ___3___ matukoy. Nagmula ang ___4___ na ito sa ___5___ wet market kung saan ang mga mabibili ___6___ ay mga *exotic foods*. Tinatawag na rin itong *pandemic* dahil ito ay naging pangunahing suliranin ng mga ___7___ .

Saanman ngayon problema talaga ang lahat ng ito. ___8___ sa ating ___9___ , paano kaya ___10___ malulunasan ang suliraning napapanahon?

***Halaw sa ulat ng DOH***

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Covid-19* | sakit | hayop | nila | natin |
| Wuhan, China | doon | eksperto | dito | bansa |








## ***Isaisip***

Basahin ang iba pang halimbawa. Sagutin ang mga tanong kaugnay nito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Taimtim na nagdarasal sa *Poon ng Birhen* ang *mag-anak*.
   - Sino ang taimtim na nagdarasal?
   - Kanino nagdarasal ang mag-anak?
   - Ano ang tawag sa mga salitang nakahilig?
   - Paano mo makikilala ang pangngalan?

2. Kami ay nagdala ng nilagang mais sa kanila kahapon.
   - Sino ang nagdala ng mais sa tindahan?
   - Saan nila dinala ang nilagang mais?
   - Ano ang tawag sa mga salitang isinagot mo?



Nalaman mo ba ang pagkakaiba ng pangngalan sa panghalip? Madali lang, di ba? Ibigay mo nga ang kahulugan ng pangngalan at panghalip. Paano ito ginagamit sa pangungusap? Mahusay!


Isagawa mo naman ang sunod na gawain.

## *Isagawa*

Basahin at piliin sa loob ng kahon ang angkop na sagot sa sumusunod na mga pangungusap. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| | | | |
|---|---|---|---|
| guro | plasa | Dr. Jose Rizal | nating |
| bukid | bayani | Araw ng Kalayaan | namin |
| kami | sila | ako | |

1. Si _____________ ang ating pambansang ___________.
2. Gusto kong manood ng palabas sa __________________.
3. Sagana ang pamumuhay ng magsasaka sa _____________.
4. Tuwing ika-12 Hunyo ipinagdiriwang natin ang ___________.
5. Masasaya ang mga _________ kung matataas ang marka ng mga mag-aaral sa pagsusulit.
6. ___________ ay sumusunod sa utos ng ating gobyerno.
7. Sina Aling Martha at Mang Kardo ay nagtanim ng maraming gulay sa likod ng kanilang bahay. ________ ay umani ng maraming gulay.
8. Si Jose ay may alagang aso at _________ naman ay may alagang pusa.
9. Huwag na __________ hayaan na dapuan tayo ng sakit.
10. Malinis ang silid-aralan nina Gng. Almalbis at Bb. Dela Cruz. Iyon ang gagayahin ____________.




## *Tayahin*

Basahin ang maikling kuwento. Isulat sa sagutang papel kung ***pangngalan o panghalip*** ang salitang may salungguhit.



**Pakinabang sa Basura**


(1) “Lino! Lino! Saan ka pupunta?” tanong ni Ronie sa kaibigan na nagtutulak ng kariton.

“Ikaw pala Ronie. Maghahanap (2) ako ng mga plastik na bote. May gagawin kaming proyekto sa (3) paaralan. Gagawa kami ng hardin sa harap ng aming (4) silid-aralan at gagamitin (5) namin ang mga plastik na bote bilang disenyo at panangga sa lupa na taniman namin ng mga punlang (6) bulaklak. Ako ang inatasan ng aking mga kasamahan na maghahanap ng mga plastik na bote, ang paliwanag ni Lino.

“(7) Ganoon ba, puwede ba akong sumama iyo Lino? Tutulungan kita sa paghahanap ng mga plastik na bote,” pakiusap ni (8) Ronie sa kaibigan. “(9) Ikaw ang bahala kung nais mo akong tulungan, maraming salamat sa iyo. Tayo na para makarami naman at makauwi na tayo agad,” ang sabi ni Lino.

Masayang nagtulak ng kanilang kariton ang (10) magkaibigan habang nagkakatuwaan at nagkukuwentuhan.

## *Karagdagang Gawain*




Isulat sa iyong sagutang papel ang karagdagan mong gawain. Gamitin sa sarili mong pangungusap ang sumusunod na mga salita.

1. artista
2. paliparan
3. walis tambo
4. kami
5. lahat
6. saanman
7. kuweba
8. sino-sino
9. kanila
10. paaralan



Kaibigan, nagamit mo ba nang wasto ang mga salitang nakatala sa isang makabuluhang pangungusap? Pinupuri kita! Patunay na marami kang natutuhan sa modyul na ito kaya sa sunod na aralin batid kong mawiwili ka rin sa ating gagawing paglalakbay.
Batid kong naging masaya ka sa ating paglalakbay kaya naman sa susunod mong pag-aaral, asahan mong ako ay iyong makasasama sa **Modyul 4: Pagbibigay Kahulugan sa Kilos at Pahayag ng mga Tauhan sa Napakinggang Pabula**

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. pangngalan
2. panghalip
3. panghalip
4. pangngalan
5. pangngalan
6. panghalip
7. pangngalan
8. panghalip
9. pangngalan
10. pangngalan

**BALIKAN**

| Pangngalan | Panghalip |
|---|---|
| anak | dito |
| gatas | kanila |
| ate | ganito |
| pinsan | ako |
| bayan | |
| katulong | |

**Tuklasin**

1. D
2. C
3. B
4. B
5. A

**PAGYAMANIN (GAWAIN 1)**

| Pangngalan | Panghalip | |
|---|---|---|
| Arbin | ko | dito |
| Rejie | diyan | mo |
| Maribel | sila | atin |
| pitaka | natin | ito |
| papel | ninyong | |
| bag | akin | iyo |
| tatay | iyon | |

**PAGYAMANIN**

**GAWAIN 2**

Tanggapin ng guro ang anumang gawa ng bata at iwawasto niya ito.

**GAWAIN 3**

1. Covid 19
2. Hayop
3. nila
4. sakit
5. Wuhan. China
6. doon
7. eksperto
8. dito
9. bansa
10. Natin

**ISAISIP**

1.
- Ang mag-anak ang pinag-uusapan/simuno
- *Sa* ***Poon ng Birhen*** *ito ang pinaglalaanan*
- *Ito ay* ***Pangngalan.***

2.
- *Ang* ***kami*** *ang humalili sa ngalan ng maramihang tao na nagsasalita.*
- Sa ***kanila*** *ang ipinalit sa maramihang tao na pinag-uusapan.*
- Ito ay **Panghalip**.

**ISAGAWA**

1. Dr. Jose Rizal, bayani
2. plasa
3. bukid
4. Araw ng Kalayaan
5. Guro
6. Kami
7. Sila
8. ako
9. nating
10. namin

**TAYAHIN**

1. Pangngalan
2. Panghalip
3. Pangngalan
4. Pangngalan
5. Panghalip
6. Pangngalan
7. Panghalip
8. Pangngalan
9. Panghalip
10. Pangngalan

**KARAGDAGANG GAWAIN**

Iwawasto ng guro ang mga sagot na ibibigay ng bata.

## *Sanggunian*


- Most Essential Learning Competencies (MELCs) F6WG-Ia-d-2, p.165
- K to 12 Curriculum Guide in Filipino 2016 F6WG-Ia-d-2, p.119
- LR Portal

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph